Marso-Abril 2012 Light Reading
City Light pahayagan ng kustomer

Mula sa superintendente
Ang Seattle City Light ay palagiang nagsisikap na mapabuti ang mga serbisyo para sa mga kustomer. Isang bagong serbisyo ang inilalarawan sa isyung ito ng Light Reading: Kung mayroon kaming tamang numero ng inyong telepono, tatawagan kayo ng palingkurang bayan (sa loob ng mga oras ng trabaho) kapag mawawala ang inyong kuryente. Ipaparating namin sa inyo na alam ng palingkurang bayan ang sitwasyon, at sasabihin sa inyo kung papaano makakakuha ng balita tungkol sa pagkawala ng kuryente, pati ang oras kung kalian maibabalik ang kuryente.

Mga iilang paalala para sa iyo: Ang palingkurang bayan ay may ipinanukalang estratehiyang plano na gagabay sa mga operasyon ng City Light sa susunod na anim na taon. Ang kilusang ito ay makaaapekto sa mga kustomer kung kaya mangyaring subaybayan ninyo ang progreso ng plano. Ninanais namin ang mga komento ng publiko bago ito ipiprisinta sa alkalde at sa Sangguniang Panlungsod ngayong tagsibol. Maaari ninyong basahin ang mga detalye dito: www.seattle.gov/light/strategic-plan/.

At pangwakas, kung nais ninyong sumama sa isa sa aming mga Skagit Tours ngayong tag-init, magpareserba na ngayon. Maaari ninyong matunghayan ang higit pa tungkol sa kung paano makasama sa paglakbay sa website na ito: www.seattle.gov/light/tours/skagit.

Magtipid sa pagpainit ng tahanan

Kung papalitan ninyo ang baseboard o mga pandingding na pampainit sa inyong tahanan ng isang walang-tubong heat pump, maaari ninyong mapababa ang mga gastusin sa pagpainit ng 25 hanggang 50 porsiyento. Ang mahusay na sistemang ito ay may tatlong bahagi: isang panloob na yunit na ikinakabit sa dingding sa isang pangunahing espasyo ng bahay; panlabas na yunit sa isang kongkretong pad; at isang wireless remote na control nito. Ang tahimik nitong bentilador ay pantay na pinaiikot ang hangin, inaalis ang mga dakong mainit at malamig habang nagpapaaliwalas sa buong taon, kabilang ang air conditioning sa tag-init. Dagdagan ang nalalaman tungkol sa kung papaano maging karapat-dapat sa isang $1,200 na diskuwento sa www.seattle.gov/ductless.

Isang tingin sa mga diskuwento
Upang malaman kung kayo ay kwalipikado para sa mga diskuwento para sa appliance pumunta sa www.seattle.gov/appliances o tumawag sa 206.684.3800.

Product	Rebate / Discount
ENERGY STAR refrigerator	$50 na diskuwento
Clothes washer na may	$50 o $100 na

malaking tipid sa kuryente	diskuwento
ENERGY STAR na na heat pump na pampainit ng tubig	$250 na diskuwento
Walang-tubong sistema ng pampainit/ pampalaming	$1,200 rebate
Twist & Save compact fluorescent na bombilya, mga fixture	$2-$10 diskuwento sa tingi
Ulo ng shower na may tatak WaterSense	$10 diskuwento sa tingi

I-recycle ang pangalawang refrigerator
Kung mayroon kayong lumang ekstrang refrigerator o freezer sa inyong bahay, ito ay maaaring makagamit ng hanggang sa tatlong beses higit na koryente kaysa isang bago. Isaalang-alang ang pagrecycle ito. Kukunin namin ito at bibigyan kayo ng $30. Tumawag sa 206.233.COLD (2653) o bisitahin ang www.seattle.gov/refrigerator.

Ang *Powerful Neighborhoods*
Mula 2010, ang aming programang *Powerful Neighborhoods* ay nakapagsisilbi sa 20,000 bahay na pang-solong pamilya sa pamamagitan ng mga programang kahusayan sa enerhiya. Sa kabuuan, ang mga kostumer ay nakatanggap ng 360,000 tipid-sa- enerhiyang ilaw at 10,400 mahusay na showerhead, na nakatipid sa mga ito ng kabuuang $1.2 milyon bawat taon. Iyon ay nakatitipid ng sapat na elektrisidad upang mailawan ang 1,400 tahanan. Sa taong ito, tutulungan namin ang mga kostumer na nakatira sa mga gusaling pangmaramihang pamilya. Kung kayo ay nakatira sa isang gusaling apartment, pakiusapan ang inyong tagapamahala na magpalista sa http://seattle.gov/light/install.

Tip mula sa Tagapayo sa Enerhiya
Ang mga compact fluorescent na bombilya ay naglalaman ng kaunting *mercury* at hindi maaaring itapon sa basura. Mayroong libreng recycling sa Bartell Drug store, Home Depot, Lowes, at iba pang mga lokasyon. May mga detalye sa seattle.gov/twistandsave o tumawag sa isang City Light na Tagapayo sa Enerhiya sa 206.684.3800.

Tumanggap ng mga tawag ukol sa pagkawala ng kuryente
Ang City Light ay nagbubukas ng isang limitadong serbisyo ng telepono kung saan tinatawagan ang mga kostumer na nawawalan ng kuryente. Ipinaparating namin sa kanila na alam naming mayroong pagkawala ng kuryente, binibigay ng tantyang oras ng pagbalik ng kuryente, at ipinaaalam sa kanila kung paano makakuha ng mga balita sa kung kailan maibabalik ang kuryente. Ang serbisyo ay mapapakinabangan mula sa 8 n.u.-5 n.h., Lunes-Biyernes, na patatagalin sa hinaharap mula 6 n.u.-9 n.g., pitong araw bawat linggo. Upang matawagan kayo, kailangan namin ang inyong kasalukuyang

numero ng telepono, kaya paki-update ng inyong account online: www.seattle.gov/light/Accounts/cust_info.asp.

Sa inyong purok: nagtatrabaho ang City Light
Ang mga tauhan ng City Light ay nasa mga purok na ito upang tiyakin na mayroon kayong maaasahang kuryente:
- Sheridan Beach: nag-iineksiyon ng silicone sa nakabaung mga kable upang ito ay mas mapahusay;
- SODO: nililipat ang linya ng kuryente upang madagdagan ang kapasidad;
- Harrison Street/Aurora Avenue (silangan ng Seattle Center): paglalagay ng mga vault na lilipatan ng mga linya ng kuryente;
- Mercer Street: binabaun ang mga linya sa ilalim ng lupa (bahagi ng pagpapabuti ng Mercer);
- Laurelhurst (hilaga ng Webster Point): pagpapabuti ng mga linya ng kuryente para mas maaasahan;
- Occidental Avenue South: nililipat ang mga linya para sa pagpapalit ng viaduct;
- West Seattle, timog ng Barton Street: paglilipat sa LED (light-emitting diode) na ilaw-kalye.

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan
Seattle City Light
PO Box 34023
Seattle, WA 98124-4023
www.seattle.gov/light

Mga tanong, kumentaryo o mungkahi? Tumawag sa 206.684.3000 o mag-email Tell Seattle City Light (online sa www.seattle.gov/light).
Editor: Connie McDougall, connie.mcdougall@seattle.gov